

Pagtugon sa mga Alalahanintungkolsa Pagpapabakuna sa Tigdas

Ang tigdas ay isang sakit na maiiwasan sa pamamagitan ng pagpapabakuna. Nangangahulugan ito na ang bakuna ay makakapigil sa pagkakasakit ng mga tao at pagkalat ng sakit na ito. Ang pinakamainam na depensa laban sa anumang paglaganap ng sakit sa hinaharap (mas maraming kaso kaysa karaniwan) na maiiwasan sa pagpapabakuna ay panatilihing mataas ang rate ng pagpapabakuna sa Los Angeles County.

1. Ligtas ba ang mga bakuna?

Oo. Ang karamihan sa mga bakuna ay mayroong hindi malubhang mga side effect, tulad ng lagnat o sakit sa paligid ng pinagturukan. Napakadalang ng mas malubhang mga side effect. Mas malamang na magkaroon ka ng malubhang problema sa kalusugan mula sa sakit, kaysa mula sa bakuna.

2. Nagdudulot ba ng autism ang mga bakuna?

Hindi. Walang katunayan na ang bakuna laban sa measles-mumps-rubella (MMR) o iba pang bakuna ay nagdudulot ng autism. Noong 1998, nagsulat ng research paper si Dr. Andrew Wakefield sa isang medikal na publikasyon na tinatawag na Lancet. Sa paper na ito, ipinahayag ni Dr. Wakefield na mayroong ugnayan sa pagitan ng mga bakuna at autism. Pagdating ng 2010, walang nakitang balidong katunayan sa pahayag na ito ang Lancet. Sa halip, ang natuklasan nila ay binayaran si Dr. Wakefield ng higit sa \$665,000 ng mga abugado na nais ipakita na hindi ligtas ang bakuna laban sa MMR.

Higit pa rito, walang katunayan na ang thimerosal (isang preservative sa ilang mga bakuna) ay nagdudulot ng autism. Ngunit para tugunan ang mga alalahanin ng mga magulang, tinanggal ang thimerosal o ibinaba sa napakaliit na antas sa lahat ng mga bakuna sa bata maliban sa isang uri ng bakuna laban sa lagnat noong 2001. Hindi lahat ng bakuna laban sa lagnat ay mayroong thimerosal.

3. Mabisa ba ang mga bakuna?

Oo. Wala tayo masyadong nakikitang mga sakit sa Estados Unidos dahil napakabisa ng mga bakuna. Halimbawa, ang bulutong ay naalis sa buong mundo noong 1977. Wala na tayong nakitang polyo sa Estados Unidos mula noong 1979. Naalis ang tigdas sa Estados Unidos noong 2000. Ngunit, tulad ng nakikita natin kamakailan, ang mga sakit na naiiwasan ng pagpapabakuna ay madaling kumakalat kapag ang isang hindi nabakunahang biyahero ay nagdala ng virus mula sa ibang bansa papasok sa Estados Unidos.

May maliit na tsansang ang mga nabakunahang tao ay magkasakit sa panahon ng isang paglaganap ng sakit dahil walang bakuna ang 100% epektibo. Ngunit, mas makakakita tayo ng higit pang mga sakit kaysa sa kasalukuyan kung hindi mataas ang mga rate ng pagpapabakuna.



Mahahalagang Puntos:

- Ang pagpapabakuna ang pinakamainam na paraan ng pagpigil ng pagkahawa at pagkalat ng maraming mga sakit na tulad ng tigdas.
- Ligtas at mabisa ang pagpapabakuna.
- Ang pagpapabakuna ay nagpoprotekta sa iyo at sa iyong komunidad mula sa mga malulubhang sakit.
- Ang pinakamainam na depensa mula sa mga paglaganap ng sakit sa hinaharap ay ang panatilihing mataas ang rate ng pagpapabakuna sa Los Angeles County.

Para sa higit na impormasyon:

Los Angeles County,
Department of Public Health
<http://publichealth.lacounty.gov/media/measles/index.htm>

California Department of
Public Health
<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/measles.aspx>

Centers for Disease Control
and Prevention
<http://www.cdc.gov/vaccines/>

CDCP-IP-0017-01 (4/22/2019)

4. Paano nakakatulong ang mga bakuna na mapigilan ang mga sakit sa mga indibidwal at komunidad?

Ang pagpapabakuna ay nakakatulong na hindi tayo mahawa sa at manghawa ng isang sakit na maiiwasan natin. Higit pa rito, nakakatulong ang pagpapabakuna na protektahan ang mga tao na hindi maaaring mabakunahan dahil sa mga kadahilanang pangkalusugan. Mas malaki ang panganib na magkasakit ang sinuman na hindi nabakunahan, tulad ng mga sanggol na masyadong bata para bakunahan, mga taong mahina ang immune system, at mga taong may nakamamatay na allergy sa bakuna. Kapag mas maraming tao ang hindi nabakunahan, ang antas ng proteksyon ng komunidad ay bumababa at tumataas ang tsansang magkaroon ng isang paglaganap ng sakit.

5. Ano ang ginagawa ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko para itaguyod ang pagpapabakuna?

Itinataguyod ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng LA County Department ang pagpapabakuna sa pamamagitan ng:

- Pagtulong sa publiko na makagawa ng may kaalamang desisyon sa pamamagitan ng mga kampanya tulad ng Preteen Vaccine Week na ipinagdiriwang kada Pebrero
- Pagbibigay ng mga materyales, pagsasanay, at payo sa mga tagapagkaloob ng pagbabakuna para tiyakin na ligtas, epektibo, at ibinibigay sa tamang pasyente sa tamang oras ang mga bakuna
- Pagtulong sa mga paaralan at mga sentro ng pangangalaga ng bata na tumalima sa mga batas sa pagpapabakuna ng paaralan at pagtuturo sa mga estudyante at mga magulang tungkol sa mga batas na ito
- Pagsubaybay at pag-ulat ng bilang ng mga sakit na napigilan dapat ng bakuna para madaling mahanap at tumugon sa mga kaso at mapigilan ang kanilang pagkalat

6. Saan ka maaaring pumunta para magbabakuna?

Tumawag sa iyong doktor para makapagbabakuna laban sa MMR, na maaaring sagot ng iyong seguro. Maaari ka ring bakunahan sa isang parmasya o klinika na nag-aalok ng mga pagbabakuna nang libre o mura lang. Tawagan ang 2-1-1 o bisitahin ang www.publichealth.lacounty.gov/ip para maghanap ng nalalapit na klinika.

Nais na malaman ang higit pa tungkol sa pagbabakuna?

Los Angeles County, Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko, Programa ng Pagbabakuna

<http://publichealth.lacounty.gov/ip/index.htm>

Antas ng pagpapabakuna sa mga paaralan at daycare sa California

Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng California

<http://www.shotsforschool.org/>

Listahan ng mga inirerekumandang bakuna para sa bawat edad

Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention)

<https://www.cdc.gov/vaccines/vpd/vaccines-age.html>

